

**Tala: 1**

Congestive Heart Failure(includes abstract) Carson-DeWitt R; Puzanov I; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, February 2009; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052459

Abstract: Ang congestive heart failure (CHF) ay isang kondisyon kung saan hindi nakakapagbomba ang puso ng kailangang dami ng dugo sa buong katawan. Ito ay nagdudulot ng pagbalik ng dugo sa mga ugat. Naiipon ang likido sa atay at mga baga. Nangyayari ang pamamaga una sa mga paa, mga bukong-bukong, at mga binti, at pagkatapos ay sa buong katawan habang nagsisimulang mag-ipon ng likido ang mga bato.

[View English](#)

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

## Congestive Heart Failure

(Paghina ng Puso, Talamak na Paghina ng Puso, Left Ventricular Dysfunction, Paghina ng Left Ventricle)


ni: Rosalyn Carson-DeWitt, MD

[\[View English Version\]](#)

### Kahulugan

Ang congestive heart failure (CHF) ay isang kondisyon kung saan hindi nakakapagbomba ang puso ng kailangang dami ng dugo sa buong katawan. Ito ay nagdudulot ng pagbalik ng dugo sa mga ugat. Naiipon ang likido sa atay at mga baga. Nangyayari ang pamamaga una sa mga paa, mga bukong-bukong, at mga binti, at pagkatapos ay sa buong katawan habang nagsisimulang mag-ipon ng likido ang mga bato.

### **Pulmonary Edema**



*Naiipong likido sa mga baga.*  
© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

### Mga Sanhi

Kasama sa mga sanhi ang:

- Mga problema sa mga balbula ng puso dahil sa:
  - Rheumatic heart disease
  - Bacterial endocarditis
  - Mga depektong naroon na pagkapanganak

- Mga deposito ng calcium
- Alta presyon
- Pinsala sa kalamnan ng puso pagkatapos ng atake sa puso
- Coronary artery disease
- Cardiomyopathy (humina, napinsalang kalamnan ng puso) dahil sa:
  - Impeksiyon
  - Labis na pag-inom ng alak
  - Depektong genetic
- Ilang mga gamot
- Mga di-regular na pagtibok ng puso
- Mga kumplikasyon sa paggamit ng mga gamot na beta-blocker o mga gamot na naglalaman ng digitalis
- Diabetes
- Emphysema
- Hyperthyroidism (sobrang aktibong thyroid)
- Labis na pagkonsumo ng asin
- Amyloidosis
- Pulmunya
- Paghina ng bato at/o atay
- Paggamit ng anabolic steroid
- Kakulangan sa thiamine (bitamina B1)

### Mga Nagbibigay Panganib

Kasama sa mga nagbibigay panganib ang:

- Kasarian: lalaki
- Lahi: Iitim
- Tumatanda
- Pagbubuntis
- Labis na pag-inom ng alak
- Labis na pagkonsumo ng asin o taba
- Mataas na lagnat
- Impeksiyon
- Labis na Katabaan
- Talamak na karamdaman sa baga
- Paggamit ng mga gamot na beta-blocker o mga gamot na naglalaman ng digitalis sa ilang mga tagpo
- Chemotherapy
- Di-regular na pagtibok ng puso
- Karamdaman sa balbula ng puso
- Pinsala ng kalamnan ng puso mula sa atake sa puso, impeksiyon, o mga gamot
- Sobrang aktibong thyroid

### Sintomas

Kasama sa mga sintomas ang:

- Pagkapagod, panghihina
- Kahirapan sa paghinga—sa umpisa tanging sa gawain, na lumalala sa kahirapan sa paghinga habang nakapahinga
- Umaagahas na paghinga
- Ubo—maaaring tuyo at patikhim o tunog basang may rosas, bumubulang plema
- Pangangailangang matulog nang nakaangat
- Pamamaga ng mga paa, mga bukong-bukong, o mga binti
- Madalas na pag-ihi, lalo na sa gabi

- Hindi maipaliwanag na pagtaas ng timbang
- Pananakit at panlalambot ng tiyan

### **Pagsuri**

Magtatanong ang doktor tungkol sa iyong mga sintomas at kasaysayang medikal. Isasagawa ang eksaminasyong pisikal. Higit sa lahat, kasama sa eksaminasyong pisikal ang:

- Pagdinig sa mga baga at puso gamit ang stethoscope
- Pagsalat sa tiyan para sa panlalambot at pamamaga ng atay
- Pagsusuri sa mga binti para sa pamamaga

Kasama sa mga pagsusuri ang:

- Mga pagsusuri sa dugo—upang maghanap ng mga ilang mga pananda sa dugong makakatulong sa doktor na malaman kung ano ang nangyayari sa iyong puso
- Mga pagsusuri sa ihi—upang maghanap ng ilang mga pananda sa ihing makakatulong sa doktor na malaman kung ano ang nangyayari sa iyong puso
- Electrocardiogram (ECG, EKG) —isang pagsusuring sumusukat sa nagaganap sa puso sa pamamagitan ng pagsukat sa mga kuryenteng dumadaan sa kalamnan ng puso
- Echocardiogram —gumagamit ng high-frequency sound waves (ultrasound) upang suriin ang sukat, hubog, pagganap, at paggalaw ng puso
- Ehersisyong stress test —itinatala ang de-kuryenteng kaganapan sa puso sa panahon ng tumaas na gawaing pisikal, maaaring isama sa echocardiogram
  - Maaaring bigyan ang mga pasyenteng hindi makapag-eehersisyo ng gamot na pampasigla sa pisikal na paggamit ng lakas
- Nuclear scanning—iniiniksiyon ang radioactive na bagay (gaya ng thallium) sa ugat upang ilawan ang mga bahaging may nabawasang daloy
- Electron-beam CT scan (coronary calcium scan, heart scan, CT angiography )—sinusukat ang dami ng mga deposito ng calcium sa mga artery sa puso upang tumulong na malaman ang panganib sa karamdaman sa puso, kabilang ang mga atake sa puso
  - Inilathala ng American Heart Association (AHA) ang mga patnubay noong 2006 na nagpapakita na ang mga scan ng puso ay hindi para sa lahat at malamang na makikinabang ang mga pasyenteng nasa kalagitnaan ang panganib sa coronary artery disease
- Coronary angiography —mga x-ray na may espesyal na tinta na nagpapahintulot sa doktor na maghanap ng mga abnormalidad (pagsikip, pagbabara) sa mga artery at suriin ang pagganap ng puso

### **Paggamot**

Kasama sa mga paggamot ang:

## **Paggamot sa mga Pinagsasaligang Kondisyon**

Ang CHF ay maaaring dulot ng isa pang kondisyon. Dapat pabutihin o pagalingin ng paggamot sa isa pang kondisyon ang iyong CHF.

## **Mga Pagbabago sa Pamumuhay**

- Iwasan ang alak.
- Kung naninigarilyo ka, tumigil.
- Magbawas ng timbang kung kinakailangan.
- Kumain ng wastong diyetang:
  - Mababa sa taba at asin
  - Mataas sa fiber
- Makipagtulungan sa iyong doktor upang gumawa ng naaangkop na programa ng ehersisyo.

- Timbangin ang sarili tuwing umaga upang iyong makita nang maaga ang pag-apon ng likido.

## Mga gamot

Kasama sa mga gamot ang:

- Mga diuretic
- Digitalis
- Mga gamot na ACE-inhibitor
- Beta-blockers
- Nitrates
- Hydralazine

## Left-Ventricular Assist Device (LVAD)

Ito ay isang mekanikal na bombang maaaring ibaon sa iyong dibdib. Pansamantala itong tumutulong sa pagbomba ng puso. Maaaring gawin ng bomba ang tungkulin ng alinman o parehong mga ventricle. Noong una ginagamit lamang ito para sa mga pasyenteng naghihintay ng paglilipat ng puso, ngunit nitong mga huling taon ito ay lumabas bilang posibleng pangmatagalang paggamot para sa ilang mga pasyente.

## Cardiomyoplasty

Ito ay isang operasyon kung saan tinatanggal ang kalamnan mula sa likod at ibinabalot sa paligid ng puso. Pinapagana ng mekanikal na aparato ang nailipat na kalamnan upang ipitin ang puso, kaya nakakatulong sa aksyong pagbomba ng puso.

## Paglilagay ng Implantable Cardioverter Defibrillator (ICD)

Ang mga pasyenteng may huminang puso ay mas madaling magkaroon ng mga di-regular na pagtibok ng puso na naglalagay sa kanila sa panganib sa biglaang pagtigil ng puso. Ang mga ICD ay ibinabaon sa mga pasyenteng ito upang maiwasang mangyari ang ganitong mga di-regular na pagtibok ng puso.

## Cardiac Resynchronization Therapy

Nakikinabang ang ilang mga pasyenteng may paghina ng puso mula sa isang tiyak na uri ng de-kuryenteng pagpapagana sa mga ventricle. Hinahayaan nitong umikli ang mga ventricle sa magkasabay na paraan. Mapapabuti nito ang mga sintomas ng CHF.

## Paglilipat ng Puso

Ito ay inilalaan para sa mga pinakamalubhang kaso ng congestive heart failure.

### Pag-iwas

Upang maiwasan ang congestive heart failure o pigilin ang paglala ng kondisyon:

- Kung naninigarilyo ka, tumigil.
- Iwasan ang alak.
- Panatilihin ang tamang timbang.
- Magbawas ng timbang, kung kinakailangan.
- Kumain ng tamang diyeta, iyong mababa sa saturated na taba at mayaman sa buong butil, mga prutas, at mga gulay.
- Simulan ang ligtas na programa ng ehersisyo na may payo ng iyong doktor.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. February 2009

**Numero ng Item:** 2010052459